Privacy Policy

Sino ang Personal Information Controller?

Ang Personal Information Controller, na siyang nagtatakda at nag kokontrol ng mga layunin at pamamaraan ng prosesong nakasaad sa Patakaran sa Privacy na ito (ang “Patakaran”), ay ang foodpanda Philippines, Inc. na may rehistradong tanggapan sa Milestone 5th Avenue, 17th floor, BGC, Taguig, Philippines, at email address na dpo@foodpandalogistics.ph (mula rito ay tutukuyin bilang “foodpanda,” “natin,” “amin/namin,” at “controller”). Ginagamit din namin ang mga katagang “Ka-panda” o “delivery partner” na tumutukoy sa iyo.

Bakit kami nag poproseso at aling personal data ang aming pinoproseso?

Sa ibaba makikita mo kung alin sa iyong personal na data ang kailangan namin para sa kung anong mga layunin at mga pangyayari ibinabahagi namin ang iyong data sa iba.

Sa paggamit sa Patakaran na ito, ang personal na data ay tumutukoy sa impormasyon na maaari naming direkta o hindi direktang iugnay sa iyo, tulad ng iyong pangalan at apelyido, address, numero ng telepono, petsa ng kapanganakan, lokasyon, o email address.

Aling mga personal data ang aming pinoproseso?

Upang maibigay ang aming delivery service sa aming mga customer, gumagamit kami ng iba't ibang mga tool at system na mahalaga para sa paghahatid ng mga order. Gumagamit din kami ng external at internal tools at system upang iproseso ang iyong personal na data para sa pangangasiwa ng mga tauhan at mga operasyon ng negosyo.

Kinokolekta, pinoproseso at itinatabi namin ang mga sumusunod na kategorya ng personal na data ayon sa saklaw ng mga tool at system na ginagamit namin:

Mga Katergorya ng Data	**Paliwanag**
Identification data	Pangalan, apelyido, tirahan
Contact data	Email address, numero ng telepono
Account data	Petsa ng kapanganakan, lugar ng kapanganakan, nasyonalidad, kasarian, mga detalye ng bank account,

	identification number
Performance data	Tagal ng paggamit ng mga application, mga detalye ng order
Geolocation data	Data ng GPS
Technical data	Data ng device
Detalye ng kontrata	Uri ng kontrata, permit sa trabaho

Para sa anong mga layunin namin pinoproseso ang personal data?

Kinokolekta lamang namin ang iyong personal data kung ito ay kinakailangan, ang layunin ay naaayon sa batas, at ang pagpoproseso ay proporsiyonal sa nais naming gawin. Nais naming bigyan kayo ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga layunin at legal na basehan nito:

Layunin	Bakit nagpoproseso ng data para rito?
Pagre-recruit	Bilang bahagi ng proseso ng pagre-recruit, kinokolekta, pinoproseso, at itinatabi namin ang iyong personal data batay sa impormasyong iyong ibinigay sa amin. Layunin ng pagproseso ang makagawa ng desisyon hinggil sa pagtanggap o pagtanggi sa isang aplikante. **Mga kategorya ng personal data:** Identification data Contact data Account data **Legal na basehan:** Pagbubuong kontrata, Data Privacy Act of 2012

Reactivation ng aplikante	Kung hindi itinuloy ng aplikante ang proseso ng aplikasyon, magpapadala ng mga SMS o email na magpapaalala sa kaniya ng mga hakbang na kailangang gawin upang makumpleto ang proseso ng aplikasyon. **Mga kategorya ng personal data:** Identification data Contact data **Legal na basehan:** Pagbubuo ng kontrata Lehitimong interes para masiguro ang maayos na pagproseso ng aplikasyon at pampabuti ng karanasan dito
Kontrata	Pagpapasya sa kasunduan ng independent contractor. **Mga kategorya ng personal data:** Identification data Contact data **Legal na basehan:** Pagtupad sa kontrata
Pagpasok	Paghahanda sa unang araw ng serbisyo, pagsasanay ng mga bagong delivery partners. **Mga kategorya ng personal data:** Identification data Contact data **Legal na basehan:** Pagtupad sa kontrata
Pagsubaybay sa presensiya	Pagsusuri kung maaasahan ang delivery partner sa pagtupad ng kanilang mga obligasyon ayon sa kontrata. Mga kategorya ng personal data: Identification data Contact data Legal na basehan: Pagtupad sa kontrata

Mga account	Paggawa ng mga kinakailangang account para sa aplikasyon na gagamitin. **Mga kategorya ng personal data:** Identification data Contact data **Legal na basehan:** Pagtupad sa kontrata
Pagtatala sa oras ng trabaho	Pagtatala sa trabahong ginawa ng delivery partner. **Mga kategorya ng personal data:** Identification data Simula at huling oras ng trabaho **Legal na basehan:** Pagtupad sa kontrata
Pakikipag-usap sa kostumer	Pakikipag-usap sa kostumer tungkol sa status ng order o paghahatid nito. **Mga kategorya ng personal data:** Identification data Contact data Lokasyon Nilalaman ng pakikipag-usap Larawan (kung mayroon) **Legal na basehan:** Lehitimong interes na masiguro ang maayos na proseso ng pakikipag-usap sa kostumer para sa paghahatid ng order at mabuting karanasan dito. Pahintulot para sa larawan.
Mga larawan at video	Pagkuha at paggamit ng mga larawan at video ng delivery partners. **Mga kategorya ng personal data:** Identification data Larawan/Video **Legal na basehan:** Pahintulot para sa larawan

Pangangasiwa sa delivery partner	Kinokolekta, pinoproseso, at itinatabi namin ang iyong personal data para sa pagpoproseso at paggawa ng mga legal na dokumento at pati na rin ang katibayan para sa kabayaran ng aming delivery partner. **Mga kategorya ng personal data:** Identification data Contact data Account data **Legal na basehan:** Pagtupad sa kontrata Legal na obligasyon
Komunikasyon	Iba't ibang tools ang ginagamit para sa komunikasyon at sa pakikipag-usap sa pagitan namin at ng delivery partner. Layunin ng pagpoproseso ang palitan ng mga kinakailangang impormasyon. **Mga kategorya ng personal data:** Identification data Contact data Account data **Legal na basehan:** Pagtupad sa kontrata Ang lehitimong interes ay ang layuning inilarawan sa itaas.
Paghahatid	Upang masiguro ang agarang paghahatid ng mga produktong inorder ng aming mga kostumer, kinokolekta ang coordinates o eksaktong lokasyon ng aming delivery partner at itinatalaga ang order sa kung sino ang nasa pinakamalapit sa pagkukuhanan nito. **Mga kategorya ng personal data:** Identification data Contact data Geolocation data Technical data **Legal na basehan:** Pagtupad sa kontrata Ang lehitimong interes ay ang layuning inilarawan sa itaas.

Pagtatantiya sa paghahatid	Upang maipaalam sa mga kostumer ang inaasahang oras ng paghahatid, ang pangkaraniwang bilis o average speed data ay pinoproseso nang kumpidensyal. Mga kategorya ng personal data: Geolocation data (kumpidensyal) Legal na basehan: Ang lehitimong interes ay ang layuning inilarawan sa itaas.
Mga kabayaran	Paghahanda ng mga ulat kabayaran sa serbisyo. **Mga kategorya ng personal data:** Identification data Contact data Impormasyon ng bank account **Legal na basehan:** Pagtupad sa kontrata
Kagamitan ng delivery partner	Makatatanggap ang delivery partner ng mga kagamitan mula sa amin. Ito ay para sa kanilang magkakaparehong anyo at proteksiyon. Pinangangasiwaan at sinusubaybayan namin ang mga kagamitang ibinibigay upang masigurong laging handang gamitin ang mga ito. **Mga kategorya ng personal data:** Identification data Contact data **Legal na basehan:** Pagtupad sa kontrata Legal na obligasyon

Pagtatala ng oras	Kinokolekta, pinoproseso, at itinatabi namin ang personal data ng aming delivery partner para sa aktuwal na pagsasagawa ng paghahatid. Layunin ng pagpoproseso ang kolektahin ang mga oras na trinabaho at gumawa ng mga kinakailangang tala ukol dito. **Mga kategorya ng personal data:** Identification data Contact data Account data Performance data Geolocation data **Legal na basehan:** Pagtupad sa kontrata Ang lehitimong interes ay ang layuning inilarawan sa itaas
Pagsusuri sa pagtatrabaho	Ang pagsusuri sa trabaho ng delivery partner ay batay sa kalidad ng serbisyo (mga reklamo ng restawran at kostumer), bilang ng mga naihatid na order. Kasama na, ngunit hindi ito limitado sa pagsusuri kung maaasahan ng delivery partners, tama ba ang pag-login at pagtanggap ng mga order sa oras ng trabaho hanggang sa matapos ito, at tama bang naisasagawa ang order. **Mga kategorya ng personal data:** Identification data Contact data Performance data Geolocation data Technical data **Legal na basehan:** Pagtupad sa kontrata
Access Restriction	Mga karaniwan at hindi pangkaraniwang access restriction ng isang delivery partner. **Mga kategorya ng personal data:** Identification data Contact data **Legal na basehan:** Pagtupad sa kontrata

Permanenteng Access Restriction	Pag-tanggal ng access sa accounts; pagbalik ng mga natanggap na damit at kagamitan. **Mga kategorya ng personal data:** Identification data Contact data **Legal na basehan:** Pagtupad sa kontrata
Pagtatabi ng mga dokumento	Pagtatabi ng mga dokumentong ginagamit sa pagbubuwis. **Mga kategorya ng personal data:** Identification data Contact data Petsa ng kapanganakan Impormasyon ng buwis Mga oras ng trabaho **Legal na basehan:** Legal na obligasyon

Adbertisment at pagmemerkado	kami ay nagsasagawa ng mga programang nagmemerkado o nagaadbertise ng foodpanda at upang makahanap ng mga delivery partners. Nais naming ipaliwanag sa iyo ang mga proseso na aming ginagawa sa mga programang ito. Ang mga programang ito ay tinatawag na Pag-Target at Pag-Retarget: **Pag-Target** Ang pag-target ay ang pagpresenta ng mga piling adbertisment na nakabase o nakadepende sa taong makakabasa nito. Ang layunin ng pag-target ay para maipakita ang wastong adbertisment para ma-enganyong mag-apply ang mga potensyal na delivery partners. Para magawa ng wasto ang pag-target, una, namimili kami ng mga taong pagpapakitaan ng adbertisment at pangalawa, inaatasan naming ang aming mga tagapagbigay ng serbisyo na magpakita ng wastong adbertisement sa mga napiling tao. Hindi kami gumagamit ng personal data dito dahil walang tao at walang mga pangalan ang nakokolekta. Iba't ibang grupo ay napapakitaan ng iba't ibang adbertisment para magawa ang targeting. **Pag-Retarget** Kapag bumisita ka sa aming website na para sa mga delivery partner, ang impormasyon mo ay naitatabi bilang "cookies". Kapag pumunta ka sa iba pang mga website, ang aming mga adbertiser ay maaaring mag-adbertise ng mga paalala na hindi ka pa nagpapasa na aplikasyon para maging delivery partner. Ayaw naming mawala ang pagkakataong maging foodpanda delivery partner ka. Maaari mong tanggalin ang pag-retarget sa pamamagitan ng wastong add-ons sa iyong internet browser. At , pinapaalalahanan ka namin na dapat dinedelete ang mga "cookies" na naitatabi sa iyong internet browser. **Mga kategorya ng personal data:** Contact data Website visitor data **Legal na basehan:** Ang lehitimong interes ay ang layuning inilarawan sa itaas

Gaano katagal namin itinatabi ang personal data?

Karaniwan, binubura namin ang iyong data kapag natupad na ang layunin nito. Nakasaad sa aming deletion concepts sa rehiyon ang mga tiyak na panuntunan sa pagbubura. Magkakaibang panuntunan sa pagbubura ang naaangkop depende sa layunin ng pagpoproseso. Sa aming deletion concepts, isinaad namin ang iba't ibang klase ng data at ang mga nakatalagang tiyak na panahon ng pagbubura sa mga ito. Kapag naabot na ang panahon ng retensiyon rito, binubura na ang itinabing data.

May ilang pangyayari kung saan ang anumang mga kahilingan sa pagbubura ay maaaring kontrahin ng mga batas sa retensiyon, na siyang pumipigil sa aming burahin ang mga itinabing data sa pinakamaikli at tiyak na panahon. Upang sumunod sa mga legal na pangangailangang ito, ibina-block namin ang mga nauugnay na data matapos na matupad ang layunin ng mga nito upang masiguro ang integridad at pagkakumpleto ng data.

Sa aling personal data processor (“PDP”) naming ibinabahagi at bakit namin ibinabahagi ang personal data?

Hindi namin kailanman ibinabahagi ang iyong data sa mga hindi awtorisadong third party. Gayon pa man, bilang parte ng aming trabaho, tumatanggap kami ng mga serbisyo mula sa mga piling service provider at binibigyan namin ang mga ito ng limitado, mahigpit, at nakamonitor na akses sa ilan sa aming data. Gayon pa man, bago namin ibigay ang iyong personal data sa mga PDP, ang bawat kompanyang pagbibigyan ay sumasailalim sa pagsusuri. Lahat ng mga nakatatanggap ng data ay dapat sumunod sa mga kinakailangang legal na proteksiyon ng data at magpatunay sa antas ng kanilang proteksiyon sa data gamit ang mga naaayong katibayan.

Sa susunod na bahaging ito, nais naming ipaalam sa iyo sa isang malinaw at naiintindihang paraan ang tungkol sa lahat ng nakatatanggap ng aming data kalakip ang kani-kanilang mga dahilan:

Sa anong mga ibang bansa namin inililipat ang mga personal data?

Sa pangkalahatan, pinoproseso namin ang iyong data sa loob ng Asia-Pacific (APAC). Gayon pa man, ang ilan sa aming mga service provider na nabanggit sa itaas ay nakabase sa labas ng APAC.

Data recipient	Reason
External service provider	Sinusuportahan nila ang aming mga gawain sa pamamagitan ng pagbibigay ng IT solutions, imprastraktura, o sa pagtiyak ng seguridad ng pagpapatakbo namin ng negosyo. Isang halimbawa ay sa pamamagitan ng pagtukoy at pagtama ng mga pagkakamali. Bukod pa riyan, ang personal data ay maaari ding ipakita sa mga eksternal na tax consultant, mga abogado, o mga tagasuri kung sila ay nagbibigay ng mga

	serbisyo na kung saan sila ay kinomisyon.
Mga miyembro ng Delivery Hero SE Group (ang “Grupo”)	Sa loob ng isang grupo, minsan ay kinakailangang epektibong gamitin ang resources nito. Sa kontekstong ito, sinusuportahan namin ang isa't isa sa loob ng Grupo para sa pagpapabuti ng aming mga proseso. Dagdag pa riyan, nagbibigay kami ng mga pinagsamang content at serbisyo. Kasama rito ang technical support para sa ginagamit na systems. Ganap kaming responsable sa pagtupad ng mga kinakailangan sa proteksiyon ng data kasama ang aming parent company, Delivery Hero SE. Sa loob ng balangkas ng mga pinagsamang regulasyon, kami at ang Delivery Hero SE ay sumang-ayon na kapwa namin sisiguruhin ang pagkapantay-pantay ng karapatan ng bawat isa. Samakatuwid, maaari mong ipadala ang anumang kahilingan mo sa amin at sa Delivery Hero SE, sa address na Oranienburger Straße 70, 10117 Berlin. Maaari kang makipag-ugnayan sa data protection officer sa dpo@deliveryhero.com.
Mga awtoridad sa pag-uusig at mga Legal na paglilitis	Sa kasamaang palad, maaaring mangyaring ang ilan sa aming riders at service providers ay gagawa ng hindi maganda at nais na kami ay mapinsala. Sa mga pagkakataong ito, hindi lamang kami obligadong magbigay ng personal data nang dahil sa mga legal na obligasyon, makababuti rin ito sa amin upang mapigilan ang pinsala at bigyang-diin ang aming mga reklamo at tanggihan ang mga hindi makatwirang pahayag.

Lahat ng tumatanggap ng aming data ay dapat na magpakita ng mga tiyak na pangangailangan para sa paglilipat ng personal na data sa mga third country. Bago namin ilipat ang iyong data sa isang service provider sa mga bansang ito, sinusuri ang kanilang antas ng proteksiyon sa data ng bawat service provider. Saka lamang sila maaaring mapili bilang service provider kapag nakapagpakita sila nang sapat na antas ng proteksiyon sa data.

Matatagpuan man sa loob ng APAC o sa mga third country ang aming service providers, kinakailangang pumirma ang bawat isa ng kontrata sa amin, na siyang naglalaman ng mga probisyong kinakailangan sa Rule X Section 44 ng DPA Implementing Rules and Regulations.

Ano ang iyong mga karapatan bilang data subject omay-ari ng data at paano mo igigiit ang mga ito?

Mayroon kang karapatang makatanggap ng malinaw na impormasyon hinggil sa personal data na aming itinabi tungkol sa iyo. Ang paghingi at pagtanggap ng impormasyon ay libre at walang bayad.

Dagdag pa riyan, mayroon kang mga sumusunod na karapatan:

1. Karapatan sa pag-akses
May karapatan kang malaman anong personal data mo ang mayroon kami at kung paano namin pinoproseso ang personal data mo.

2. Karapatan sa pagwawasto
Kapag nakita mong mali ang personal data mo na mayroon kami, maari mong iutos ang pagwasto nito.

3. Karapatan sa pagbubura
Kahit kalian, maari mong hingin ang pagbura ng personal data mo na mayroon kami.

4. Karapatan sa paglimita ng pagpoproseso
Kung ayaw mo ipabura ang personal data mo, pero ayaw mong pinoproseso namin ang personal data mo, maari mong hingin na tigilan naming ang pagproseso. Kapag hiningi mo ito, itatabi lang namin ang personal data mo. Subalit, kapag tinabi namin ang personal data mo, hindi mo magagamit ang mga serbisyo namin, kung gagamit ka ng serbisyo, muli naming ipoproseso ang personal data mo.

5. Karapatan sa pagiging portable ng data
Maaari mo iutos na ang personal data mo na nasa amin ay aming ibigay sa "machine-readable format" sa ibang responsableng tao.

6. Karapatan sa pagtanggi
Kahit kailan ay maaari mong bawiin ang iyong pagbigay ng pahintulot sa amin sa pagpoproseso ng personal data mo. Kasama dito ang pagtutol sa aming pagpoproseso ng walang pahintulot mo pero nakabase sa lehitimong interes namin. Isang halimbawa nito ay ang "direct marketing" – kahit kalian ay maaari kang tumutol sa pagtanggap ng mga newsletter mula sa amin.

7. Anuman ang dahilan mo, kung hindi ka sang-ayon, maari kang tumutol sa pagpoproseso namin ng personal data mo. Maaari kang sumulat ng email at ipadala sa dpo@foodpanda.ph. Aming susuriin ang aming pagpoproseso at ipapaliwanag sayo ang aming mga dahilan at bakit kailangan ipagpatuloy ang pagpoproseso kung kailangan.

8. Awtomatikong paggawa ng desisyon
Nagpoproseso din kami ng personal data sa pamamagitan ng mga algorithm para mapadali ang aming mga proseso. Ikaw ay may karapatan na tumutol sa mga awtomatikong paggawa ng desisyon. Kung sa tingin mo ay mali kang natanggihan ng pag-access ng anumang bahagi ng aming sistema, maari kang sumulat ng email at ipadala sa

dpo@foodpanda.ph. Aming susuriin ang bawat kaso and pagdedesisyunan ang bawat kaso depende sa ano ang tama.

9. Karapatan sa paglagak ng reklamo sa nangangasiwang awtoridad
Kung naniniwala kang mayroon kaming ginawang mali sa iyong personal data o nalabag ang alinman sa iyong mga karapatan, maaari kang magreklamo sa nangangasiwang awtoridad na nakasaad dito.

Ang nangangasiwang awtoridad na may pananagutan sa amin ay ang:
Pangalan ng awtoridad: National Privacy Commission
Address: 5th Floor Delegation Building, PICC Complex, Roxas Boulevard
Email address: complaints@privacy.gov.ph